

Ponolohikal na Pagsusuri sa Minamanwa

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 83-90
March 2021

Norlyn L. Borong (EdD)¹, Anecita V. Mondano¹

¹Southern Leyte State University-Tomas Oppus

²Mahika Elementary School, Saint Bernard Southern Leyte
norlynborong44@gmail.com¹, anecitamondano@gmail.com²

Date Received: October 28, 2020; Date Revised: January 18, 2021

Abstract- *This study contained a phonological evaluation of Minamanwa in which descriptive survey method was used. The participants and source of data were from the town of St. Bernard, Southern Leyte, ages 65 and above. It was found out that Minamanwa has vowel phonemes like /a/, /e/, /i/, /o/, and /u/ but it is rare to find phoneme /e/ in the initial position of a word and there's no such phoneme /o/ in the initial but can sometimes be seen in the middle and in the final. The Mamanwa language consists of sixteen (16) consonants, the phonemes b, d, g, h, j, k, l, m, n, p, r, s, t, w, y, and ng. Phonemes /j/ and /r/ cannot be seen in the initial position but it has words that appear in double consonant or cluster. Its language has diphthongs of ay, aw, oy at uy and also has minimal pairs. The study of language on the tribes of the Philippines is a great contribution for a language to be known and for its unique qualities to be preserved. It was recommended to have further studies in evaluating the lexical, morphological, and phonological aspects of the language so that it can be used as a guide to the teachers of St. Bernard who are teaching the tribes of Mamanwa and also for the teachers to be able to use the words of Mamanwa as an example if the topic is about the structure of the language.*

Keyword: cluster, diphthongs, initial position, minimal pairs, phoneme

Abstrak- *Isang ponolohikal na pagsusuri ng Minamanwa ang napapaloob sa pag-aaral na ito. Isang descriptive survey ang paraang ginamit. Mula sa bayan ng Saint Bernard, Southern Leyte ang mga kalahok. Mga kalahok na may edad 65 pataas ang pinagkunan ng datos. Sa resulta ng survey natuklasan na ang Minamanwa ay napapalooban ng ponemang patinig na /a/, /e/, /i/, /o/ at /u/ ngunit bihira lamang makikitaan ponemang /e/ sa inisyal na posisyon ng salita at walang ponemang /o/ ang nasa inisyal. Ito ay kadalasang makikita sa midyal at pinal. Ang lenggwaheng Minamanwa ay may 16 na katinig. Ito ay ponemang b, d, g, h, j, k, l, m, n, p, r, s, t, w, y at ng. Hindi nakikitaan ng posisyong inisyal ang lenggwahe ng Mamanwa sa ponemang /j/ at /r/. Nakikitaan ng mga salitang may kambal-katinig o klaster. Diptonggong ay, aw, oy at uy ang nakikita sa lenggwahe ng Mamanwa at nakikitaan din ng mga pares minimal ang lenggwaheng ito. Ang pag-aaral ng lenggwahe ng mga tribu sa Pilipinas ay isang malaking kontribusyon upang makilala ang isang wika at maipreserba ang kakaibang katangian nito. Batay sa resulta ng pag-aaral inirerekomenda na magkakaroon pa ng pag-aaral sa pagsusuri tungkol sa leksikal, morpolohikal at ponolohikal sa lenggwahe ng mga Mamanwa upang magamit itong gabay sa mga guro ng Saint Bernard na nagtuturo sa mga tribu ng Mamanwa. At gamitin ng mga guro ang mga salita sa mga Mamanwa bilang isa sa mga halimbawa kung ang pag-usapan ay ang estruktura ng wika upang malaman ng mga Mamanwang mag-aaral na pinahahalagahan ang kanilang wika at tinanggap sila nang buo sa lipunan.*

Susing Salita: kambal-katinig, leksikal, morpolohikal, pares-minimal, ponemang patinig

INTRODUKSIYON

Ang bawat wika ay may kanya-kanyang katangian at anyo. Nabubuhay ang tao sa mundo ng wika. Sa paghahanapbuhay, paglalakbay, pakikipagkaibigan, pakikipag-away, paglilibang o maging sa pagtulog, kapiling ng tao ang wika. Upang maintindihan ang sangkatauhan, kailangang maunawaan ang kalikasan ng wika na siyang bumubuo ng isang pagkatao. Ang isang bansang arkipelago tulad ng Pilipinas ay nag-aangkin ng katangian ng pagkakaroon ng napakaraming wika at wikain. Nakatala sa Ethnologue: Languages of the World (Online Version) ang may

isandaan at walumpu't isang (181) indibidwal na wika ng Pilipinas at apat (4) dito ay itinuring na extinct o patay na wika sapagkat wala nang tagapagsalita nito [8].

Tulad sa ibang lalawigan, nabubuhay ang mga Southern Leyteño ng multilingguwal. Sa lalawigan ito ay may iba't ibang etnikong pangkat na may kani-kanilang natatanging wika at kultura na karaniwan din namang nakikisalamuha sa ibang indibidwal mula sa ibang etnikong pangkat. Ayon nina Peregrino, Constantino at Ocampo [15], ang wika ay nagbibigay

pagkakalinlan at ang sariling wika ng tao ang nagpapakilala ng kanilang identidad.

Ipinaliwanag nina Sutherland [16], ang impluwensiya ng wika sa mga karatig bayan ay nakababahala dahil isa ito sa mga paktor na makakalimutan ng tao ang kanyang sariling wika o wikang kinagisnan. Sang-ayon ang mga mananaliksik sa pahayag nina Sutherland [16] sapagkat batay sa sariling obserbasyon may mga Mamanwa na nakikisunod na rin sa mga dinamikong salita. Tulad ng ibang mga Southern Leyteño marami rin sa mga kabataang Mamanwa ang nahuhumaling sa mga dinamikong salita kaya nababahala ang mga mananaliksik na baka unti- unti ng nakalilimutan ang kanilang kinagisnan wika.

Sa pag-aaral na ito binigyan-diin ng mga mananaliksik ang ponolohikal na aspeto ng lenggwahe ng mga Mamanwa. Ayon nina Macatabon at Calibayan [9] ang pag-aaral ng mga wikain ng mga etnikong grupo ng Pilipinas ay makatutulong sa pagkilala ng mga Pilipino ang kakaibang katangian ng kanilang wika. Naniniwala ang mga mananaliksik na malaki ang kontribusyon ng pag-aaral na ito sapagkat paraan ito para makilala sa mga taga-Southern Leyteño at taga-iba pang lugar.

Isa pa sa mga dahilan kung bakit nahikayat ang mga mananaliksik na pag-aralan ang lenggwahe ng Mamanwa dahil nakababahala na darating ang panahon na ito ay mamamatay dahil sa naobserbahan marami ng Mamanwa na nahuhumaling sa mga dinamikong salita. Umaasa ang mga mananaliksik na sa pag-aaral na ito ay maipreserba ang Minamanwa at makilala ang kakaibang estruktura ng kanilang wika.

Layunin ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang kalipunan ng mga lenggwahe ng mga Mamanwa na paraan ito na maipreserba ang kanilang kakaibang katangian ng wika. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang kakaibang katangiang ito tulad ng ponemang segmental ay kailangang maipreserba. Batay sa personal na karanasan, napansin na ang mga kabataang Mamanwa ay gumagamit na rin ng mga dinamikong salita. Umaasa ang mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong hindi lamang sa mga gurong nagtuturo sa mga Mamanwa kundi may malaki rin itong maiambag sa buong Southern Leyte.

PAGLALAHAD NG LAYUNIN

Layunin pag-aaral na ay masuri ang mga ponolohikal na lenggwahe ng Minamanwa ng mga Mamanwa ng bayan ng Saint Bernard, Southern Leyte. Sinagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod: anu-

ano ang ponolohikal na katangian ang matatagpuan sa mga lenggwahe ng Mamanwa batay sa sumusunod na saklaw ng ponemang segmental: klister, diptonggo; at pares minimal?

PAMAMARAANG GINAMIT

Isang descriptive survey ang ginamit upang makilala ang ponolohikal na estruktura ng Minamanwa gamit ang linggwistikong dulog. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay nailarawan ang kalikasan ng isang wika. Angkop ang desinyong ito upang maipakita ang varayti ng mga termino o wikang ginagamit sa mga Mamanwa.

Mula sa bayan ng Saint Bernard, Southern Leyte ang mga kalahok. Ang bayan ng Saint Bernard ay kilala sa mga produkto ng basket, banig, “bukag” at duyan na yari sa ratan. Ang bayang ito ay pinanahanan ng mga etnikong pangkat na Mamanwa na kilala sa pangalan na “Kongking” na dati sila ay nakatira sa barangay Baryong Daan ng Hinabian at sa Baryo ng Kanangkaan (Lower Bantawon) na parehong malapit sa ilog. Sa nangyaring mudslide sa Guinsaugon ang mga “Kongking” ay inilipat sa barangay MAHIKA sa tulong ng Philippine National Red Cross Housing at Korean Food for the Hungry Incorporated (KFHI) na medyo malapit-lapit na National Hiway. Pag-aalaga ng iba’t ibang hayop at paggawa ng basket, “bukag”, duyan na gawa ng ratan at paghahabi ng banig. Nakilala ang mga taga-Saint Bernard sa mga produktong ito dahil sa mga Mamanwa.

Ang piniling mga kalahok ng mga mananaliksik ay lahat na mga Mamanwang may edad ng 65 pataas. Sadyang pinili ng mga mananaliksik ang mga kalahok na may edad 65 upang masigurado na kanilang sariling lenggwahe ang inilapat sa mga inihandang salita. Ang paraan ng pagpili ng kalahok ay *referral technique o snowball technique* na kung saan kumuha ng key informant ang mga mananaliksik na siyang nagbigay ideya sa mga mananaliksik kung sino ang gawing mga kalahok.

Dalawang instrumento ang inihanda ng mga mananaliksik. Ang unang instrumento, ay kinuha ng mga mananaliksik ang mga salitang karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, sa kanilang pamumuhay, sa trabaho at iba pa ang mga salita sa pamamagitan ng isang pakikipanayam. Mga salitang Southern Leyteñong Binisaja ang ginamit ng mga mananaliksik sa pag-interbyu. Ang pangalawang instrumento ay gumawa ang mga mananaliksik ng isang interbyu. Ang mga tanong na binuo ng mga mananaliksik ay tungkol sa mga personal na opinyon

batay sa kultura ng tribu, sa mga pangyayari sa lipunan at sa pamumuhay. Ang mga sagot ng mga kalahok ay itinala at inirekord ng mga mananaliksik.

Pagkatapos inaaprubahan ng mga tagasuri ang pag-aaral. Agad inumpisahan ng mga mananaliksik ang pagkalap ng datos. Ginawa ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

Una, bumuo ng liham pahintulot ang mananaliksik para sa barangay captain. Personal na inihatid ng mga mananaliksik ang liham upang personal ding ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral;

Ikalawa, pagkatapos naunawaan ng barangay captain ang layunin ng pag-aaral pinuntahan ang IPED (Indigenous People Education) coordinator para sa pag-aaral na ito;

Ikatlo, personal na nakiusap ang mga mananaliksik sa pinuno ng Mamanwa para sa gagawing interbyu;

Ikaapat, naghanap ang mga mananaliksik ng isang *key informant* na siyang nagbigay ideya o pumili kung sino ang gagawing kalahok para sa pag-aaral na ito. Pagkatapos naibigay ng *key informant* kung sino ang gawing kalahok, inisa-isang pinuntuhan ng mga mananaliksik ang mga napiling kalahok upang ipinaliwanag ang layunin ng pananaliksik na ito.

Ang unang instrumento muna ang ipinasagot sa mga kalahok. Ang pangalawang inihandang instrument ay ginawa sa pamamagitan ng *Focus Group Discussion (FGD)*. Tinanong ng mga mananaliksik ang mga bakanteng araw at oras sa kanyang mga kalahok saka ginawa ang FGD. Habang ginawa ang *Focus Group Discussion* naghanda ang mga mananaliksik ng video recorder para sa sagot ng mga kalahok.

RESULTA NG PAG-AARAL

Inilahad sa bahaging ito ang ponolohikal na pagsusuri sa mga lenggwaheng Minamanwa.

Ponemang Segmental

Ang Talahanayan 1 ay mga lenggwaheng Minamanwa batay sa ponemang segmental na *patinig*. Ang Minamanwa ay napapalooban ng ponemang patinig na /a/, /e/, /i/, /o/ at /u/. Sa mga halimbawang ipinakita sa talahanayan ang ponemang /o/ ay hindi makikita sa inisyal na bahagi sa salita. Ito ay kadalasang makikita sa midyal at pinal. Batay sa pangangalap ng datos hindi masyadong maraming mga salita na nag-uumpisa sa ponemang /e/. Ipinakita lamang sa resulta na ang ponema ng bawat lalawigan at tribu ay may kanya-kanya katangian. Sa katunayan ipinahayag sa disertasyon ni Borong [3] na batay sa paliwanag ng kanyang mga tagasuri ang wikang

Southern Leyteñong Binisaja ay binubuo lamang ng ponemang patinig na /a/, /i/ at /u/.

Talahanayan 1. Ponolohikal na Katangian ng Minamanwa Batay sa Ponemang Segmental (Patinig)

<i>Mga Salita</i>	<i>Ponemang Patinig</i>	
	<i>Kahulugan</i>	
	<i>/a/</i>	
ababa	pandak	
abay	ayaw, huwag	
aduy	aruy	
agirung	lalaking unggoy	
aldaw	araw, umaga	
ama ama	lalaki na malaki	
ama amahay	batang lalaki	
ambabakul	hinlalaki	
ambaw	daga	
ang kan	ako	
anitoy	ito	
	<i>/e/</i>	
egi	lolo sa lolo	
	<i>/i/</i>	
ibaligja	ibinta	
iban	kauban	
idu	aso	
ikawa	ibili	
iku	ka	
imbilinan	pupunta	
ina	nanay	
inum	uminom	
irok	kili-kili	
irong	ilong	
	<i>/u/</i>	
ulhanan	unan	
uli	umuwi	
unoy	ano	
uno	anong, bakit	
uran	ulan	

Sa resulta naman ng pagsusuri ni Borong [2] sa ponemang suprasegmental ng mga Badjao, natuklasan sa kanyang pagsusuri na bihira lamang sa mga salita na may inisyal ng ponemang /o/.

Batay sa ginawang interbyu ng mga kalahok hindi nila napansin na ang kanilang lenggwahe ay bihirang makikitaan ng mga salitang nagsisimula sa ponemang /e/ at walang Minamanwang nag-umpisa sa ponemang /o/. Para kay Heugh [6], ang pagtangkilik ng kinagisnang wika ay isang magandang mungkahi at paraan para maipagmalaki kung anong mayroon ka.

Ang tao matribu man o hindi ay kailangang bihasa ang mga mag-aaral sa kanyang wikang kinagisnan bago sa iba pang wika.

Ang wika ng Mamanwa ay kahawig sa wika ng Hanuno'o ng Mangyan na may limang (5) patinig din. Tulad ng Minamanwa bihira ring makikitaan ng mga salitang nag-uumpisa sa ponemang /o/ at /e/. Sa nabasang artikulo sa *Ethnologue* [8] inilad na ang wikang T'boli ay may pitong patinig ito ang /a i e ε ə o ɔ u/ at 15 katinig.

Ayon kay Wagner [19] ang mga kabataan ay tagumpay sa pagyakap ng mga dinamikong salita ngunit kailangan ding magkaroon ng limitasyon upang hindi na tuluyang maililibing sa limot ang kanilang kinagisnang wika. Ito ang layunin ng mga mananaliksik na makabuo ng isang kalipunan ng mga salita sa Mamanwa dahil ang mga kabataang Mamanwa ay nakihalubilo rin gamit ang mga dinamikong salita. Ito ay nagpapatunay nang ginawa ang interbyu sa mga Mamanwang may 65 na taong gulang pataas at habang nakinig ang mga batang Mamanwa may iilan sa kanila na hindi na naalala ang kanilang wika dahil ang lagi nilang nakasalamuha o kalaro ay gumamit ng Southern Leyteñong Binisaja.

Sa pagbabagong-hugis ng edukasyon, mahalaga ang papel na ginagampanan ng wika. Nagsisilbi itong tulay upang maunawaan kung ano ang tinutukoy na pagbabago. Dahil din sa wika kaya nagkakabigkis-bigkis at nagkakaisa ang mga mamamayan.

Talahanayan 2. Ponolohikal na Katangian sa mga lenggwahe ng Mamanwa Batay sa Ponemang Segmental (Katinig)

<i>Mga Ponemang Katinig</i>	
Mga Salita	Kahulugan
	/b/
babaji	dalaga
babajihay	batang babae
badi	kutsilyo na gamit nila sa pagkuha ng uway(rattan)
badu	t-shirt/damit
baji	lola
bajihan	babaeng unggoy
balay	hipon
baroy	baliw (uri ng halaman na gagamitin nila sa paggawa ng banig)
bataay	maliit na bata
bayhu	mukha
bibang	bayawak
bujo bujo	sanggal

Talahanayan 2 (cont.) Ponolohikal na Katangian sa mga lenggwahe ng Mamanwa Batay sa Ponemang Segmental (Katinig)

<i>Mga Ponemang Katinig</i>	
Mga Salita	Kahulugan
bulalakay	puti ng mata
buybog	unggoy
buyu	bolo
bata	anak
	/d/
dali naa	punta ka muna rito
dakod	itaas, ibabaw
dukag	makati
dubdub	dibdib
daragahay	dalaga
duduay	tuta
dakulang usa	kalabaw
dalagan	takbo
dara	dala
dijan	inyo
	/g/
gahut	talbos ng kamote
garing	galing
gabuk	panggatong
gambahan	pinto
gustu	gusto
garamay	maliit
	/h/
haod	ginagaya
hakut	langgam
haruk	halik
hao	ako
himbanga	kinagat
hain	saan
hin	paano
hiluton	hilot
	/k/
kay-an	mamaya
kahabi/kakulop	sa hapon
kamahan	unggoy
kuyo	kuko
ku ku	baba (chin)
kindal	balat ng katawan
kurugong	kulot
kujahaw	kuwago
kalagkaw	bahay
kikatu	pupunta
kolor	kulay
kandaja	musaka
kontra	away
kaman	kaya
kasamuk	gulo

Talahanayan 2 (cont.) Ponolohikal na Katangian sa mga lenggwahe ng Mamanwa Batay sa Ponemang Segmental (Katinig)

<i>Mga Ponemang Katinig</i>	
Mga Salita	Kahulugan
	/l/
lagkaw	pamilya, tahanan, bahay
limbangan	bahay ng honey
lanhud	kain
lutu naa	upo
liwaan	punongkahoy
lisaw lisaw	itim ng mata
luju	itak
ligas	hapon (afternoon)
	/m/
mamanaw	aalis
mawara	mawala
marara	makamandag
mabuntas	gutom
magurang	nakatatandang kapatid
manuy	kuya
misay/miya	pusa
malitan	babaeng aso
mangun	kumakain
mangamujo	nagdasal
magsun-ad	magluto
magluto	nakaupo
maglaung-laong	nag-uusap
mahusay	gwapo
matinahudun	magalang
matignaw	malamig
madulaw	dilaw
magbulus	manghiram
mabuntas	nagugutom
	/n/
naharu	nabubulok
nagsajaw	sumayaw
nejog	niyog
nag-as	buhangin
nagkasing	buro
naujug	patay
nagkatawa	masaya
naajak	minahal, mahal
naghinang	gumawa
nag-away	nag-away
nagdara	nagdala
	/p/
puro	puyu
patu	atay
pananaksan	braso
panahad	pulot (honey)

Talahanayan 2 (cont.) Ponolohikal na Katangian sa mga lenggwahe ng Mamanwa Batay sa Ponemang Segmental (Katinig)

<i>Mga Ponemang Katinig</i>	
Mga Salita	Kahulugan
puro	pulo
pasu	init
pagkadulom	hapon
puoy	kaluluwa
puya	pula
	/s/
sabi	nagsabi
samulaw	putyukan
sun-ad	magsaing
susu	suso
saja	palada
saruwar	pantalón, short
surat	sulat
sin u	ano
	/t/
tuldo	daliri
tubuan	hita
toma	kuto
tinai	tiyan
tahaw/magbabaja	Panginoon
taghawuy	pagod
tukadon	matarik
	/w/
waton	mayroon
wara	wala
	/y/
ya	ng
	/ng/
ngabil	labi

Ang Talahanayan 2 ay naglalahad ng mga salitang Minamanwa na may inisyal na katinig. Ang lenggwahe ng Minamanwa ay binuo ng 16 na katinig. Ito ay ponemang b, d, g, h, j, k, l, m, n, p, r, s, t, w, y at ng. Makikita sa talahanayan 2 na hindi nakikitaan ng posisyong inisyal ang Minamanwa sa ponemang /j/ at /r/. Ang mga ponemang ito ay kadalasang makikita sa midyal at pinal. Tulad ng *babaji*, *bujo bujo*, *kolor*, *kontra*, at iba pa. Ang resultang ito ay kahawig sa natuklasan ni Tayong [17] na ang wikang Badjao ay may 16 na katinig at marami rito ay hindi matatagpuan sa unahan o inisyal na posisyon.

Ang resultang ipinakita sa talahanayan 2 ang nagpapatunay sa pahayag ni Micu [11] na nagsabing bawat dayalekto ng bawat lalawigan ay may kanyang kanyang estruktura. Kung ang lenggawaheng Badjao ay

walang ponemang /h/, ang lenggwaheng Pangasinan ay walang /d/ ang lenggwahe naman ng Mamanwa ay walang f, x at z. Ang ponema naman ng tribung B'laan ay may limang patinig at 11 katinig. Ito ay a, e, i, o, u, (patinig) b, d, f, g, h, k, l, m, n, s, at t. Wala silang ponemang c, p, x, w at z. Ang resultang ito ay napagtanto ng mananaliksik na bilang guro ay mahalagang magkakaroon ng pag-unawa sa mga ortograpiya ng dayalekto. Mahalagang maunawaan ang wikang sarili upang mapabuti at mapadali ang pag-akma sa kasalukuyang kapaligiran at mga bagong tuklas na mga pagbabago ng wika [13].

Kaugnay sa resultang ito ipinaliwanag nina Macatabon at Calibayan [9] na ang bawat wika ay nagkakaroon ng pagkakaiba-iba dala sa mga mahahalagang salik tulad ng heograpikal at sosyal. Ang pag-aaral ng iba't ibang etnolinggwistikang wika na umiiral sa Pilipinas ay malaking ambag para mapalawak at makilala ang mga wika sa Pilipinas at higit sa lahat magkakaroon ang mga Pilipino ng kamalayan sa wika ng mga tribu ng Pilipinas.

Huwag sanang ibaba ang paningin ng mga Pilipino sa mga wika ng mga tribu, kung minsan hindi maiwasan na maliitin ang kanilang wika. Walang prestihyoso at superyoridad na wika [3].

Talahanayan 3. Ponemang Segmental Ayon sa Klaster

Posisyon	Salita
Inisyal	<u>kl</u> agkaw
	<u>kw</u> arta
	<u>ng</u> abil
Midyal	<u>pa</u> ngaran
	<u>ta</u> ngguan
Pinal	kon <u>tr</u> a
	kawar <u>o</u> ng
	magla <u>u</u> ng

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang Minamanwa na napapalooban ng mga ponemang may klaster ayon sa iba't ibang posisyon. Makikita na may mga klaster na matatagpuan sa inisyal, midyal at pinal.

Sa resultang ito ay nagpapahiwatig lamang na ang mga lenggwahe sa Pilipinas ay may mga varayti hindi lamang sa mga katawagan pati na rin sa mga estruktura. Ayon nina Troutman, Clark, at Goldrick [18] ang bawat wikain ay may mga barayti sa ponolohikal, morpolohikal, semantika at sintaktika at ibang katangian ng wika. Ang pagkakaroon ng iba't ibang katangian ng wika ay nagpakilala sa ibang lalawigan at kanyang pinagmulan ng lahi. Nagbigay pahiwatig din

sina Bernales, Atienza, Talegon, at Achas [1] na “*Sagisag ng wika ay dungawan ng kultura ng lipunang pinag-ugatan at gumagamit nito*. Nangangahulugan na ang wika ay magpapakilala sa pinag-ugatan ng lahi ng tao. Nagpapatunay lamang na ang wika ay sumasalamin sa bawat indibidwal na kung saan ang paraan ng kanyang pagsasalita at paggamit ng wika ay nakadepende sa lipunan o lokasyong kanyang kinabibilangan.

Kaugnay rin sa resultan ito ipinaliwanag ni Pasion [13] na ang pagkakaroon ng estruktura ng wika ay may kinalaman sa pakikipag-ugnayan ng tribu sa ibang pangkat. Kaya, nagbabago rin ang kanilang wika dahil sa pakikipamahay kasama ang ibang pangkat. Gayundin, sa kanilang pakikipagkalakalan ay nakaaapekto rin sa pag-iiba ng estruktura ng kanilang wika tulad ng klaster.

Ipinaliwanag ni Cebrero [5] ang bawat wika ng tribu ng Pilipinas ay may kanya-kanya at kakaibang katangian. Ipinaliwanag pa niya na ang karunungan ng mga Pilipino sa katutubong wika ay nahahanay sa *language acquisition* samantalang halos lahat ay marunong mag Ingles dahil sa pag-aaral o *language learning*. Ang unang wika ay nakamtam ang ikalawang wika ay pinagsanayan.

Binahagi rin ni Cebrero [5] ang resulta ng kanyang pagsusuri tungkol sa wika ng Subanen, natuklasan na napapalooban ng mga salitang may klaster na /dw/, /dy/, /ny/, at /sy/. Ganoon din ang ibinahagi Pasion [14] sa resulta ng kanyang pagsusuri tungkol sa leksikal na varyasyon ng wikang B'laan. Natuklasan din na napapalooban ng mga klaster ang wikang ito tulad halimbawa ng *sdoh*, *ginthloh*, *aswoh*, *kayeh*, at marami pang iba.

Nagpapahiwatig lamang na ang wika o ponemang segmental ng mga Tribu ng Pilipinas ay may kahawig sa alpabeto ng Filipino. Tumpak ang pahayag ni Mangahis [10] na walang superyor na wika. Lahat ng wika ay pantay-pantay.

Malinaw na inilahad sa Talahanayan 4 na ang wika ng Mamanwa ay napapalooban ng diptonggong *ay*, *aw*, *oy* at *uy* tulad ng salitang ipinakita sa talahanayan. Sa pagkilala ng mga salitang diptonggo ng mga Mamanwa ay nakaranas ng kahiharapan ang mananaliksik sapagkat sa tuwing tinanong ang mga kalahok tungkol sa mga salitang ito ay hindi alam kung ano ang mga ito. Batay sa ginawang interbyu nakakuha ang mga mananaliksik ng mga salitang may diptonggo tulad ng mga nabanggit sa itaas ngunit ang malaking hamon nito ay hindi marunong ang mga kalahok magsulat hindi rin nila alam kung ito ay uy o uy. Nakipag-ugnayan ang

mga mananaliksik sa pinuno ng mga Mamanwa at sa mga may pinag-aralan para sa tamang baybay. Kung ang Filipino ay may aw, ew, iw, ow, uw, ay, ey, iy, oy, at uy, kung ang wikang Bisaja ay may ay, iy, uy, iw at uw ang mga Mamanwa naman ay may abay, aduy, aldaw, ambaw, anitoy.

Talahanayan 4. Ponemang Segmental Ayon sa Diptonggo

Diptonggo	Salita
ay	<u>ba</u> yhu <u>aba</u> y ama <u>ha</u> y bata <u>ay</u> garam <u>ay</u>
oy	anito <u>y</u> bar <u>oy</u> un <u>oy</u> pu <u>oy</u>
uy	tag <u>ha</u> uy <u>adu</u> y <u>buy</u> bog
aw	ald <u>aw</u> amb <u>aw</u> kujah <u>aw</u>

Naniwala si Micu [11] na mahalagang maunawaan ng mga tao ang katangian ng kanilang wika upang mapabuti at mapaakma ang pagbabago sa lipunan. Batid ng kaalaman ng karamihan na iilan lamang sa tribu ng Pilipinas na may pakialam sa estruktura ng kanilang wika. Sa ganang ganito, bilang isang guro ng wika ay may tungkulin alamin at kilalanin ang estruktura ng wika sa kanilang mga kababayan na isa ito sa mga layunin ng K to 12 kurikulum. Lubos na sumang-ayon ang mga mananaliksik sa binanggit ni Micu [11]. Mahalaga ang pagkilala ng tao sa kanyang sariling pagkakilanlan, isa na rito ang kanyang kinagisnang wika.

Nakikitaan din ng mga pares minimal ang lenggwaha ng mga Mamanwa tulad ng *badu-badi*, *luju-lutu*, *pasu-patu*, *saja-sapa*, at marami pang iba sa Talahanayan 5. Ayon ng Calay [4] ang mga wikain ng Pilipinas ay may kanya-kanyang mga estruktural, morpolohikal at ponolohikal. Ang lenggwaha ng mga Mamanwa ay hindi ito pinansin ng mga taga-Saint. Bernard kung pag-usapan ang mga klaster, diptonggo at pares minimal. Ang kadalasang ibinigay ng guro na mga halimbawang salita ay ang Filipino at Bisaja. Napagtanto ng mga mananaliksik na mula ngayon sa

tuwing tatalakayin ang mga estruktura ng wika ay isali ang wika ng Mamanwa bilang halimbawa sapagkat bahagi sila sa lipunan at ito rin ang laging binigyan ng mga edukador sa K to 12 ang kontekstwalisasyon at lokalisasyon.

Talahanayan 5. Ponemang Segmental Ayon sa Pares-Minimal

Pares-Minimal	Salita
<i>Inisyal</i>	<u>a</u> du- <u>i</u> du <u>n</u> ikan- <u>s</u> ikan <u>i</u> ku- <u>i</u> du <u>ba</u> <u>d</u> i- <u>ba</u> <u>j</u> i <u>sa</u> <u>ja</u> - <u>sa</u> <u>pa</u>
<i>Midyal</i>	<u>s</u> iran- <u>s</u> ikan kagu- <u>karu</u> <u>pa</u> <u>ru</u> - <u>pa</u> <u>su</u> <u>sa</u> <u>ba</u> - <u>sa</u> <u>pa</u>
<i>Pinal</i>	<u>ba</u> <u>d</u> i- <u>ba</u> <u>d</u> u <u>sa</u> <u>ba</u> - <u>sa</u> <u>bi</u>

Ipinaliwanag nina Kinzler, Dupoux, at Spelke [7] na dahil ang wika ay siyang pagkakilanlan ng bawat tao, sa pag- aaral ng wika sa isang lugar o kaya’y tribu kailangang ang pagtuunan ng pansin ang pagkabuo, porma at paano ito binibigkas. Mula sa pag- aaral ni Pasigay [12] na ang wika’y lumalawak at lumalaganap at ito’y nalilining ng pangangailangang panlipunan at bumabagay sa pag- iiba ng kalagayang sosyal. Hindi magagawang takasan ang wika sapagkat ito ay isang unibersal na makatotohanan. Samakatuwid lahat ng tao ay dapat may alam sa mga wika sa kapwa o karatig bayan.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang Minamanwa ay napapalooban ng ponemang patinig na /a/, /e/, /i/, /o/ at /u/ ngunit bihira lamang makikitaan ponemang/e/ sa inisyal na posisyon ng salitang at walang nag- ponemang /o/ ang nasa inisyal. Ito ay kadalasang makikita sa midyal at pinal. Ang lenggwaheng Minamanwan ay binuo may 16 na katinig. Ito ay ponemang b, d, g, h, j, k, l, m, n, p, r, s, t, w, y at ng. Hindi nakikitaan ng posisyong inisyal ang lenggwaha ng Mamanwa sa ponemang /j/ at /r/. Nakikitaan din ng mga salitang may kambal-katinig o klaster ang wikang ito. Diptonggong ay, aw, oy at uy ang nakikita sa lenggwaha ng Minamanwa at nakikitaan ng mga pares minimal din ang lenggwaha ng mga Mamanwa. Ang pag-aaral ng lenggwaha ng mga tribu sa Pilipinas ay isang malaking kontribusyon

upang makilala ang isang wika at maipreserba ang kakaibang katangian nito.

Batay sa resulta ng pag-aaral inirekomenda ng mga mananaliksik na pagkakaroon ng pag-aaral pagsusuri tungkol sa leksikal, morpolohikal at ponolohikal sa lenggwahe ng mga Mamanwa upang magagamit itong gabay sa mga guro ng St. Bernard na nagtuturo sa mga tribu ng Mamanwa. At gamitin ng mga guro ang mga salita sa mga Mamanwa bilang isa sa mga halimbawa kung pag-usapan ang istruktura ng wika upang malalaman ng mga Mamanwang mag-aaral na pinahalagahan ang kanilang wika at tinanggap sila ng buo sa lipunan.

MGA REFERENSIYA

- [1] Bernales, R., Atienza, G., Talegon, V. at Achas, A. (2009). *Akademikong Filipino tungo sa epektibong komunikasyon*. Batayan at sanayang aklat sa Filipino 1, antas tersyarya, binagong edisyon. Mutya Publishing House, Inc. Valenzuela City.
- [2] Borong, N. (2008). *Pahambing na pagsusuri ng wikang Cebuano at Badjao sa larangan ng ponolohiya*. Southern Leyte State University –Tomas Oppus, San Isidro, Tomas Oppus, Southern Leyte.
- [3] Borong, N. (2017). *Socio-Geograpikal linguistic theory sa Filipino language teaching: Gabay sa MTB-MLE*. Dinalathalang disertasyon: Cebu Normal Universty, Cebu City
- [4] Calay, J. (2014). *Ang ponolohiya Filipino*, https://www.academia.edu/9585907/Fil_105_Reaction_Paper_Ponolohiyang_Filipino_
- [5] Cebrero, J. (2014). *Dayalektal na diversidad ng wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula*. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 1(4).
- [6] Heugh, K. (2011). *Theory and practice: Language education models in Africa: research, design, decision-making and outcomes*. In A. Ouane & C. Glanz (Eds.). *Optimizing learning education and publishing in Africa: The language factor. A review and analysis of theory and practice in mother-tongue and bilingual education sub-Saharan Africa* (pp. 105-156). Hamburg: UNESCO/Tunis Belvédère: ADEA.
- [7] Kinzler, L., Dupoux, K. at Spelke, E. (2007). *The native language of social cognition*. *Proceedings of the National Academy of Sciences of the United States of America*, (104).
- [8] Lewis, P., Simons, G. at Fennig, C. (2013). *Ethnologue: Languages of the World*, Seventeenth edition. Dallas, Texas: SIL International. Retrieved from <http://www.ethnologue.com>.
- [9] Macatabon, R. at Calibayan, M. (2016). *Varayti at varyasyon ng wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato, Philippines*. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 4(3), pp. 128-136.
- [10] Mangahis, J. (2005). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*(batayang aklat sa Filipino 1). C & E Publishing. Manila, Quezon City.
- [11] Micu, K. (2017). *Sebwano Cagay-anon at Sebwano*. Retrieved from https://www.academia.edu/22215029/Sebwano_Cagay-anon_at_Sebwano.
- [12] Pasigay, J. (2012). *Kahalagahan ng Wika sa Kultura't Pag-unlad ng Ekonomiya ng Bansa*.<http://jcthelifemaster.blogspot.com/2012/08/kahalagahan-ng-wika-sa-kulturat-pag.html>
- [13] Pasion, R. (2015). *Yang Pagbul'lok-bul'lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental*. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2).
- [14] Pasion, R. (2014). *Varyasyong leksikal sa mga dayalektong Mandaya*. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(6).
- [15] Peregrino, J., Constantino, P., Ocampo, N. (2012). *Salindaw: Varayti at baryasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.
- [16] Sutherland, T. (2014). *Children's literature*. Retrieved from https://www.goodreads.com/author/list/1451.Tiu_Sutherland
- [17] Tayong, N. (2017). *Paghahambing sa wikang Sinama ng mga Badjao sa wikang Filipino at Ingles sa kontekstong ponolohiya, morpolohiya at sintaksis*. Zamboanga City State Polytechnic College. DOI: <https://doi.org/10.7719/jpair.v29i1.527>
- [18] Troutman, C. Clark, B. at Goldrick, M. (2008). *Social networks and intraspeaker variation during periods of language change*. *Proceeding of the 31st Annual Penn Linguistics Colloquium*, 14 (1).
- [19] Wagner, L. (2014). *Children's Perception of Dialect Variation*. *Journal of Child Language*, 41 (05), pp. 1062–1084.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).